## APPLICATION


- Naniniwala ka bang kahanga-hanga ang paglikha ng Diyos sa iyo? Papaano mo hahayaang manuot ang katotohanang ito sa iyong kaluluwa ngayong linggo?
- Papaano naiiba ang iyong pag-unawa sa kung sino ang Diyos sa sinasabi ng Bibliya? Ano ang gagawin mo tungkol dito? Papaano ka patuloy na lalago sa iyong pakikipag-ugnayan sa Diyos?
- Papaano ka makakapagsimulang mamuhay sa layunin ng Diyos at disenyo Niya para sa iyong buhay simula ngayon? Papaano ka makakapamuhay na nagbibigay-karangalan sa Diyos araw-araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa kung sino Siya at kung papaano ka Niya nilikha. Manalangin na mabigyan mo Siya ng karangalan habangbuhay.
- Ipagdasal na mas makilala mo pa at pagkatiwalaan ang Diyos sa bawat araw na lumilipas. Hilingin sa Diyos na yumabong pa ang Kanyang presensya sa iyong buhay.
- Manalangin na magamit mo ang iyong natutunan ngayon upang makatulong at makapagbigay ng lakas ng loob sa iba. Humiling sa Diyos ng karunungan at mga pagkakataon na maibahagi ang tungkol sa Kanya ngayong linggo.

VICTORY

© 2014 by VICTORY®
All rights reserved.
Permission to photocopy this material is granted
for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO

# Hindi Patay ang Diyos

## NOTES

## WARM-UP

- Sinu-sino sa iyong kapamilya at mga kaibigan ang nakakakilala sa iyo ng lubos? Bakit mo ito nasasabi?
- Sino ang pinakamatanong na taong kilala mo? Balikan ang pangyayaring magpapatunay dito.
- Magbahagi ng isang katangian mo na hindi mo gusto. Bakit hindi mo ito gusto?

**WORD**

*[13]Kilala n'yo ako, dahil kayo ang lumikha sa akin. Kayo ang humugis sa akin sa tiyan ng aking ina. [14]Kahanga-hanga ang pagkagawa n'yo sa akin, kaya kayo ang aking pinupuri. Alam kong ang inyong mga gawa ay tunay na kahanga-hanga.* MGA SALMO 139:13,14

---

Ang lipunan ngayon ay pinagdududahan ang pag-iral ng Diyos. Ngunit ang pananaw ng Salmista sa sangkalikasan ay nakaturo sa pag-iral ng isang mabuti, tapat, at mapagmahal na Tagapaglikha. Ang sangkalikasan—kasama tayo—ay nakaturo sa Tagapaglikha. Sa aralin na ito, titingnan natin ang tatlong katangian ng ating Tagapaglikha.

## 1 Alam ng Diyos ang lahat.

*[1]Panginoon sinisiyasat at kilala n'yo ako. [2]Nalalaman n'yo ang aking pag-upo at pagtayo. Kahit na kayo ay nasa malayo, ang aking iniisip ay nalalaman n'yo.* MGA SALMO 139:1,2

Hindi lang tayo nilikha ng Diyos—alam Niya ang lahat ng tungkol sa atin at inaayos Niya ang lahat sa ating buhay at sa paligid natin. Nakakatakot man ito sa iba, ito din ay nagbibigay ng kapanatagan. Dahil alam Niya ang lahat, makakaasa tayo lagi sa Kanya. Papaano ka nabibigyan ng kapanatagan ng katotohanang ito kapag kinakaharap na ng mga pagsubok?

................................................................

................................................................

## 2 Ang Diyos ay naroon saanman sa lahat ng oras.

*[7]Saan ako pupunta na wala kayo? [8]Kung pupunta ako sa langit, nandoon kayo; kung pupunta ako sa daigdig ng mga patay, nandoon kayo.* MGA SALMO 139:7,8

Walang lugar ang mapupuntahan natin na wala ang Diyos. Sinusundan Niya tayo, pinamumunuan, at hinahawakan. Makatitiyak tayo na nilikha Niya tayo at Siya ay kasama pa rin natin—saan man tayo pumunta at anuman ang mangyari sa atin. Papaano ka napangunahan ng Diyos at hinawakan ng Kanyang kanang kamay (Salmo 139:10)?

................................................................

................................................................

## 3 Ang Diyos ang may-akda ng buhay.

*[15]Nakita n'yo ang aking mga buto nang ako'y lihim na hugisin sa loob ng bahay-bata ng aking ina. [16]Nakita n'yo na ako, hindi pa man ako isinisilang. Ang itinakdang mga araw na ako'y mabubuhay ay nakasulat na sa aklat n'yo bago pa man mangyari.* MGA SALMO 139:15,16

Bago pa man tayo naisip ng ating mga magulang, isinaisip na tayo ng Diyos at plinano na Niya ang ating buhay. Natanaw na Niya tayo at minahal bago pa man tayo isinilang. Dahil tayo ay nilikha ng Diyos, ang Kanyang layunin at disenyo para sa ating buhay ang dapat na masunod. Ang ating mga buhay ay nilikha para sa Kanyang karangalan at kaluwalhatian. Ngayon alam na nating pinili ng Diyos ang pagkakalikha Niya sa atin, bakit at papaano tayo magiging panatag?

................................................................

................................................................